HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 120 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA–17 NG MARSO 2025 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN / NANGULONG PINUNO

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member,
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF-Pres.

HINDI DUMALO: Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-Pres. (*Official Business*)

**KAPASIYAHAN BLG. 583 - 2025**

**ISANG KAPASIYAHAN NA MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN SA IKA-APATNAPUT PITONG PAGKAKATATAG NG LUMOT NATIONAL HIGH SCHOOL ISA SA MGA KAUNA-UNAHANG PAARALANG PANG-SEKONDARYA SA BAYAN NG CAVINTI, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA KANILANG SELEBRASYON NG IKALAWANG *GRAND ALUMNI HOME COMING.***

***Authored by*: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman, Committee on Education and*
*Committee on Ordinances and Legal Matters*

***Sponsored by***: KGG. JIMMY JOSE V. OLIVEROS, SB Member
*Chairman, Committee on Governance and*
*Committee on Agriculture*

***Co- Sponsors:***

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member,
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF-Pres.

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
AIZA H. BALAGOT
3-28-25 TIME: 8:45 PM

**SAPAGKAT**, ang Lumot National High School na noon ay tinatawag na *Lumot High School* ay naitatag sa atas ng Pangulo noong ika-7 ng Oktubre 1977

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT L. OLIVEROS
Vice-Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan



OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE MEJILLA
DATE: 03-28-25

at dito rin pinasimulan ang unang araw ng pagpupulong na naging hudyat ng unang araw ng Paaralan;

**SAPAGKAT,** nang taong 1981 ay sa kauna-unahang pagkakataon ay naisagawa ang isang Taunang Pagtatapos o *Graduation*;

**SAPAGKAT**, itinatakda ng Kagawaran ng Edukasyon noon pa man na itayo ang isang Mataas na Paarlaan na malapit din sa isang Mababang Paaralan upang mas higit na mapaunlakan ang ligtas at magaang pagpasok ng mga mag-aaral;

**SAPAGKAT**, noong mga panahong iyon ay tiniyak ng mga naunang pamunuan ng Kagawaran ng Edukasyon at higit sa lahat ng mga namumuno sa bayan ng Cavinti na maihanap ng isang lagay na lupa upang paglagakan ng Paaralang Pang-Sekondarya at dito Nakita at nagkaroon ng kasunduan sa pagitan ng *National Power Corporation* upang itatag ang *Lumot High School*;

**SAPAGKAT**, sa pag-usad ng panahon na siya ring pagdami ng bilang ng mga mag-aaral kung kaya't kinakailangan ang isang paaralan na hindi kalayuan sa mga Baryo ng Kanluran Talaongan, Silangan Talaongan, Paowin, Inao-awan at ng Lumot-Mahipon;

**SAPAGKAT**, dito rin hinubog ang mga mag-aaral at pinanday ng mga guro na nagbigay na rin ng karangalan at ambag-kaunlaran sa Bayan ng Cavinti;

**SAPAGKAT**, sa ika-22 ng Marso 2025 ay nagkaisa ang mga dati at mga nagsipagtapos sa paaralan at maging ang dating guro na idaos ang kanilang ikalawang *Grand Alumni Home Coming* na mainam upang gunitain ang masasayang alaala kung paano nilinang ng mahal na paaralan ang bawat isa;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang masusing talakayan sa mungkahi ni Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros at buong pusong sinang-ayunan ng lahat ng miyembro ng Sanggunian, ay

IPINASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Kgg. Sangguniang Bayan na **MAPITAGANANG NAGBIBIGAY KARANGALAN SA IKA-APATNAPUT PITONG PAGKAKATATAG NG LUMOT NATIONAL HIGH SCHOOL ISA SA MGA KAUNA-UNAHANG PAARALANG PANG-SEKONDARYA SA BAYAN NG CAVINTI, AT PAGBIBIGAY PAGBATI SA KANILANG SELEBRASYON NG IKALAWANG GRAND ALUMNI HOME COMING.**

**IPINASIYA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapang ng Tagamasid Pampurok Sir Armin. O. Cabrales CAvinti Sub-Office, ang kasalukuyang Punong Guro Gng. Milagros Puon at ang Pamunuan ng Alumni at iba pang mga Miyembro;

**IPINASIYA PA RIN,** na bigyan ng sertipiko ng pagbibigay karangalan at'o pagkilala na nakalagay sa kuwadro na may lagda ng kasalukuyang Punumbayan Kgg. Arrantlee Arroyo at ng may-akda Kgg. Romel J. Villanueva at pagbasa na rin ng nilalaman ng Kapasiyahang ito sa Araw ng *Alumni* ngayong ika-22 ng Marso 2025.

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Municipal Mayor

**MILBERT L. OLIVEROS**
Vice-Mayor

**NITZSHELL TORRES-DELA TORRE**
Secretary to the Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika- 120 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 17 ng Marso 2025.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sanggunian Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**Pangalawang Punumbayan/Nangulong Pinuno**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**